Test

Talaan ng mga Wika

Dahil sa hindi matatawarang halaga ng mga Katutubong Wika, marapat lámang na ito ay inaalagaan, pinayayaman, pinauunlad, at malayang pinaiiral sa kapaligiran.

Gayunman ang mga eksperto sa wika sa mundo ay hindi nagkakaisa sa bílang ng mga wika sa mundo. Sa datos ng UNESCO, may estimasyong 5,000-6,000 bílang ng mga wika sa buong mundo, at sa bilang na ito, 83.8% ay may bílang na mas mababá sa 100,000 ang tagapagsalita. Kung gayon, mayroon lámang mga 1,000 wika na malakas habang ang karamihan ay nanganganib maglaho sa hinaharap.

Ganito rin ang sitwasyon ng mga wika sa Filipinas. Sa Review ng UNESCO, tinukoy na may iba’t ibang bilang ang mga wika ng Filipinas ayon sa tatlong banyagang pag-aaral: 100 (Gunnemark 1991); 100-160 (Krauss, 1992); at, 169 (Grimes 2000) (ibid., 48). Natukoy din ng mga lokal na pag-aaral ang ganitong iba-ibang bilang ng mga wika sa bansa: 110 (McFarland 1980); 80 (Yap 1990); 144 (2010 NSO); 114 (NCIP 2014); 130 (Peralta 2014); at 184 (Etnologue 2010). Sa 2016 talâ ng KWF, may 130 wika sa Filipinas.

Sa proyektong ito na Atlas Filipinas ng KWF, layunin ng KWF na maghandog ng napapanahong impormasyon ukol sa mga katutubong wika ng Filipinas. Para sa tungunhing ito, hinihimok namin ang bawat isa na mag-ambag sa pagsasapanahon ng mga impormasyong ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng pidbak sa komisyonsawika@gmail.com.

Atlas ng mga Wika ng Filipinas

Talaan ng mga Wika